Tagalog Version

跨部門反恐專責組
Inter-departmental Counter Terrorism Unit














# Gabay sa Kaligtasan

## sa Hong Kong

(EKSLUSIBO PARA SA MGA DAYUHANG KASAMBAHAY)

# Maligayang Pagdating sa Hong Kong!


Bilang isang dayuhang kasambahay na mag-isang bumiyahe upang magtrabaho sa Hong Kong, maaari kang makaengkwentro ng iba't-ibang kahirapan o paghamon habang nakikibagay sa bago mong kapaligiran. Ang gabay na ito ay magbibigay sa iyo ng praktikal na impormasyong pang-kaligtasan at mga sangguniang madaling gamitin upang maging ligtas ang iyong pagtrabaho at paninirahan sa Hong Kong.


## Mga Sitwasyong Maaari Mong Maengkwentro


Pangungulila


Stress


Problemang Pinansyal


Di-pagkakaunawaan ng Kasambahay at Amo


Kaligtasan sa Trabaho


Personal na Kaligtasan



Language Barrier

### TIP 01

Magpatulong sa Labour Department. Ang link sa ibaba ay nagbibigay ng impormasyon sa employment rights, labor-related government agencies, at mga kontak para makakuha ng tulong.

### TIP 02


Ang Labour Department ay naglathala ng 'Isang Handbook para sa mga Dayuhang Kasambahay' na magbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon upang mapaghandaan ang pagtrabaho sa Hong Kong. Maaari mong malaman ang mas marami pa tungkol sa kapaligiran sa trabaho ng Hong Kong, mga tungkulin at responsibilidad sa trabaho at mga paraan upang mapanatiling malusog ang pamumuhay at iba pa. I-scan upang malaman ang detalye.

# Mag-ingat sa mga Manloloko

Bilang isang baguhan sa Hong Kong, maaari kang madaling malinlang at makaranas ng pangaabusong pinansyal. Kabilang sa mga karaniwang gawain ng mga manloloko ang mga sumusunod:




Paglapit sa iyo upang magkaroon ng isang romantikong relasyon (sa pamamagitan ng Facebook, Instagram, Twitter, Tiktok)




Pagkolekta ng iyong mga ATM card, numero ng PIN, mga account sa online banking at password upang makapagbukas ng "subordinate" account o isang account na gagamitin upang makatanggap o makapaglipat ng perang nanggaling sa iligal na mga gawain



Paghiling sa iyong ipahiram/ibenta ang iyong mga bank account sa iba't-ibang dahilan

**Ang pinakalayunin ng mga scammer ay gamitin ang iyong mga account para sa money laundering!**

## Protektahan ang Sarili na Makagawa ng mga Krimen

### *Tumanggi* ⊗

***sa pagpahiram o pagbenta ng mga bank account.***

**BABALA !**

Ang pagbenta o pagpahiram ng iyong mga account sa iba para sa pagtanggap ng mga nalikom mula sa krimen ay maaaring maging isang paglabag na money laundering.



**Parusa**

Pinakamataas na multa ay $5 million at 14 taong pagkabilanggo



**TIP 03**

Kung sa tingin mo ikaw ay target ng isang scam o nabiktima ng panloloko, makipag-ugnayan sa Anti-Deception Coordination Centre sa 18222.

# Pagpapayong Tugon sa Emergency

# TUMAKBO, MAGTAGO, MAGREPORT

Ang Hong Kong ay isa sa pinakaligtas na lungsod sa mundo. Gayunpaman, walang lungsod o lugar ang ligtas sa banta ng terorismo. Kung sakaling mangyari ang isang marahas o teroristang insidente, dapat mong gawin ang gabay na 'Tumakbo, Magtago, Magreport' upang manatiling ligtas:




## Tumakbo

Daliang magtungo sa isang ligtas na daanan o rota.

## Magtago

Kung hindi ka makaalis, magtago. Huwag gumamit ng anumang tumutunog o umiilaw na mga kagamitan.






## Magreport

Tumawag sa 999 kung ikaw ay ligtas na.

I-scan upang malaman ang marami pa:

# Tatlong Pangunahing mga Kasanayan sa Paghahanda sa Emergency

Upang mapalakas ang iyong mga kakayahan sa pagharap sa mga emergency o pangyayaring hindi inaasahan, kailangan mong makabisado ang 'Tatlong Pangunahing Kasanayan sa Paghanda sa Emergency' na isinusulong ng Fire Services Department.

## Patayin at Pigilan ang Sunog

Pagaralan kung paano gamitin at panatilihin nang tama ang mga fire service installations at kagamitan laban sa sunog. Kunsakaling may sunog, maaaring gamitin ang mga ito para kontrolin at patayin ang sunog habang ito'y pasimula pa lamang. Mababawasan nito ang mga taong maaaring masawi at pagkasira ng mga ari-arian.





## Tulungan ang sarili at Tumulong sa Iba

Pagaralan ang mga wastong kaalaman at kasanayan sa pagtulong sa sarili. Kung sakaling may emergency, maaari mong matulungan ang iyong sarili at ang ibang tao, kung hindi ito mapanganib.

## Tumakas at Lumikas

Palaging obserbahan ang mga tamang daanan sa pagtakas at mga exit signs ng mga gusali at lugar na binibisita mo. Kung sakaling may sunog o iba pang emergency, agad na magtungo sa mga ligtas nadaanan at sundin ang mga exit signs  upang mabilis na makalabas ng ligtas.




I-scan upang malaman ang marami pa:

# Magmasid at Mag-report

Bukod sa mga nabanggit na kasanayan sa pagtulong sa sarili, maaari mong gampanan ang napakahalagang papel para maiwasan ang mga trahedyang maaaring mangyari. Panatiliing maging alerto sa mga sumusunod na pinaghihinalaang mga aktibidad ng terorista na kinakatawan ng acronym na 'SPOT'.

## Kabilang sa mga aktibidad na nauugnay sa terorismo ang:



### Suporta

**Mga Halimbawa**

- Pag-recruit at pagtaguyod para sa mga terrorist/ extremist groups
- Pagbigay ng pondo o lugar para sa terrorists/extremists




### Preparasyon

**Mga Halimbawa**


- Pagbili o pag-imbak ng hindi pangkaraniwang dami ng mga kemikal, piyesang elektroniko o nakakasunog na likido
- Pagbili o paggawa ng mga armas, baril o pampasabog
- Pagsaliksik, pagaaral o paguusap sa mga taktika ng paglusob
- Pagsagawa ng pagmamatyag, kagaya ng pagkuha ng mga litrato/video sa mga daanan at pasilidad na pang-seguridad ( kagaya ng CCTV)



### Online na mga Materyales

**Mga Halimbawa**

- Paglathala ng alituntunin ukol sa armadong paglusob o weapons manuals, pagpakalat ng terrorist/extremist ideology o pagkamuhi, pagtaguyod sa paggamit ng karahasan online



### Terrorist Ideologies

**Mga Halimbawa**

- Pagpahayag ng pagsuporta sa terorismo
- Pagkaroon o pagpakita ng mga bagay na may kaugnayan sa terorismo (kabilang ang mga watawat at pang-propagandang materyales kagaya ng mga poster at video)

**TIP 04**

Sa emerhensiya
**999**

Hotline sa CT Reporting
SMS **63-666-999**
WeChat ID **CT-Hotline**

Mag report kapag may mga pinaghihinalaang aktibidad ng mga terorista.

見疑即報 Spot and Report
www.ictu.gov.hk

# Protektahan ang Mga Tao sa Iyong Paligid

Kahit sino ay maaaring maimpluwensyahan ng masasamang ideolohiya. Madaling ma-access ang Internet sa Hong Kong, at ang ilang mga online na platform ay puno ng violent o marahas na nilalaman, ang mga tao sa paligid mo ay maaaring madaling madala ng mga masamang impluwensyang ito.

Sa maagang pag-aksyon, maaari kang makatulong na protektahan ang mga tao sa paligid mo. Malalaman mo mula sa mga sumusunod na katangiang ipinapakita ng mga taong may marahas na ideolohiya na maaaring humantong sa kanilang paggawa ng karahasan:

## Mga Maagang Katangiang Ugali




Pagbukod mula sa mga kapamilya o kaibigan, pagpalit ng mga kaibigan



Galit sa ibang tao




Pag-iwas na mapagusapan ang kanilang mga pananaw



Pagiging malihim, partikular sa mga gawain nila sa internet


## Mga Katangiang Extremist



Punong-puno ng hinaing at galit




Galit sa mga hindi kagrupo



Pagbuo ng sense of mission



Pagsuporta sa anumang karahasan

**Pagreport sa mga Kahina-hinala**
**Pagligtas ng mga Buhay**

I-scan upang malaman ang marami pa:

# Mga Mahahalagang Kontak

## Mga Departamento ng Gobyerno / Katawan ng Batas

| Mga Organisasyon | Telepono | Mga Website |
|---|---|---|
| General Enquiry<br>(Pangkalahatang Pagtatanong)(24-hour) | 1823 | www.1823.gov.hk/en |
| Hong Kong Police Force<br>(Tulong pang- emergency) | 999 | www.police.gov.hk/ppp_en |
| Immigration Department<br>(Mga isyu tungkol sa Immigration) | 2824 6111 | www.immd.gov.hk/eng |
| Labour Department<br>(Mga karapatan ng mga FDH at Labor Laws) | 2157 9537 | www.fdh.labour.gov.hk |
| Labour Department<br>(Kaligtasan sa Trabaho at kalusugan) | 2559 2297 | www.labour.gov.hk/eng/osh |
| Social Welfare Department | 2343 2255 | www.swd.gov.hk/en/index |

Maaari kang kumontak sa konsulado ng iyong gobyerno dito sa Hong Kong sa pamamagitan ng:
www.protocol.gov.hk/en